Alberta

**Bagong** publikasyon

# Pagpapabuti ng Programa ng Imigrasyon na may Kapakinabangan sa Alberta (Alberta Advantage Immigration Program)

Abril 03. 2023

## Ang mga pagbabago sa Alberta Advantage Immigration Program (AAIP) ay magpapadali para sa mga kinakailangan na manggagawa at negosyante na maging permanenteng residente.

Ang ekonomiya ng Alberta ay may momento, at ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa higit pang paglago at pagkakaiba-iba upang ang lalawigan ay nananatiling makinang pang-ekonomiya ng Canada. Noong 2022, pinili ng halos 50,000 katao mula sa buong mundo ang Alberta bilang lugar para mamuhunan, magtrabaho at magpalaki ng kanilang mga pamilya.

Ang AAIP ay isang programang pang-ekonomiyang imigrasyon na nagbibigay-daan sa Alberta na magmungkahi ng mga kwalipikadong manggagawa sa mga kinakailangan na sektor para sa permanenteng paninirahan. Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng programa, magiging mas mapagkumpitensya ang Alberta sa pag-akit ng mga bihasang bagong dating mula sa buong mundo.

"Ang Alberta ay isang lupain ng pagkakataon. Sa ating probinsya, mahahanap mo ang gusto mong karera, mag-uuwi ng malakas at regular na sweldo, at makakasama pa rin ang pamilya at mga kaibigan. Hindi lang gustong pumunta rito ng mga tao sa buong mundo, nais naming pumunta sila rito para maging bahagi ng ating mga komunidad at sa ating kaunlaran, at tulungan ang Alberta na patuloy na umunlad at magtagumpay."

*Danielle Smith, Premier*

Klasipikasyon: Pampubliko

Ang gobyerno ng Alberta ay gumagawa ng limang pagpapahusay sa AAIP na tutulong sa parehong mga negosyo at internasyonal na mga manggagawang may kasanayan.

Ang mga pagbabago sa mga daloy sa Kanayunang Negosyante (Rural Entrepreneur) at Pagbabago ng Kanayunan (Rural Renewal) ay makakatulong sa mga rural na komunidad ng Alberta na manatiling masigla at lumago. Ang pinababang pasimulang pamumuhunan na $100,000 para sa Rural Entrepreneur Stream ay magbubukas ng pinto sa karagdagang mga kwalipikadong negosyante na gustong magtatag o bumili ng isang umiiral na negosyo sa mga kalahok na komunidad sa kanayunan ng Alberta. Ang pag-aalis sa pangangailangan para sa isang liham mula sa isang ahensiya ng pag-areglo sa ilalim ng Rural Renewal Stream ay makakatulong sa mga komunidad sa kanayunan na maakit, kumalap at tanggapin ang mga bagong dating batay sa mga lokal na pangangailangan.

Ang Alberta ang may pinakamahusay na front-line na mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan sa mundo at ang probinsya ay magsisikap na magkaroon ng mga tamang suporta para matiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalaga na kinakailangan nila kung kailan at saan nila ito kailangan. Ang isang bago, nakatuong landas upang maakit ang mga medikal na propesyonal sa Alberta ay nangangahulugan na hanggang 30 porsyento ng alokasyon ng Express Entry Stream ng Alberta sa 2023 ay nakalaan para sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na may alok na trabaho sa Alberta mula sa isang tagapag-empleyo ng sektor ng pangangalagang pangkalusugan at nakakatugon sa mga kinakailangan upang magtrabaho sa isa sa mga karapat-dapat na trabaho sa pangkalusugan.

Dalawa pang pagbabago ang makikita sa isang bagong linya ng telepono na direktang nag-uugnay sa mga miyembro ng kawani ng AAIP sa mga kliyente at pakikipagtulungan sa pederal na Economic Mobility Pathways Pilot. Ang pakikilahok sa piloto na ito ay makakatulong sa mga nagsilikas na may mga kasanayan at kwalipikasyon na kailangan sa Canada upang mandayuhan sa pamamagitan ng mga kasalukuyang programang pang-ekonomiya.

## Mga mabilisang kaalaman

- Ang Alberta ay kasalukuyang may humigit-kumulang 100,000 na bakanteng trabaho sa buong lalawigan.
- Ang Alberta ay nagtataya ng pinagsama-samang kakulangan sa trabaho ng 33,100 manggagawa pagsapit ng 2025 sa ilang trabaho, antas ng kasanayan at sektor (pinagmulan: Alberta's Occupational Outlook, 2021-2030).
- Ang Immigration, Refugees at Citizenship Canada ay nagtatakda ng mga taunang limitasyon sa nominasyon ng AAIP.

    - Nakatanggap kamakailan ang Alberta ng pagtaas sa mga nominasyon:
        - 9,750 nominasyon noong 2023
        - 10,140 nominasyon noong 2024 (tinatantya)
        - 10,849 na nominasyon noong 2025 (tinatantya)

## Kaugnay na impormasyon

- Programa ng Imigrasyon na may Kapakinabangan sa Alberta (Alberta Advantage Immigration Program)

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng mga balita